Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON VI – KANLURANG VISAYAS
PAMPAARALANG SANGAY NG AKLAN

Agosto 3, 2022

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 375, s. 2022

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

Para sa mga: **Mga Pinunong Tagamasid Pansangay**
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Punongguro/Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko ng Elementarya at Intergrado

1. Kalakip ay Panrehiyonal na Memorandum bilang 574, serye 2022, Buwan ng Wikang Pambansa 2022.

2. Hinihiling ang pagtugon ng mga Pampurok na Tagamasid at mga pinuno ng mga paaralan sa tulong ng Pampurok na mga Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya at Sekondarya) sa Sangay ng Aklan sa panawagang ito upang maisakatuparan ang pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang Pansangay na Tanggapan, mga Pampurok na Tanggapan at mga paaralan ay hininimok na maglagay ng mga anunsiyo hinggil sa tema ng pagdiriwang. Mangyaring magkaroon rin ng mga programa at timpalak (hybrid) upang muling buoin at maitampok ang pagkilala sa Wikang Filipino at Katutubong Wikang Akeanon sa taong ito.

4. Ang pagsunod sa mga regulasyong itinalaga ng IATF at Pamunuang Bayan ng bawat Distrito ay mahigpit na ipinatutupad sa pagsagawa ng mga programa.

5. Para sa paglilinaw at iba pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

MARTH S. TROPA
Tagamasid Pangsangay sa Filipino
09988618485

6. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

FELICIANO C. BUENAFE JR., CESO VI
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Nakasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

ASIGNATURANG FILIPINO **PROGRAMA** **WIKA**

MST

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VI-WESTERN VISAYAS

AUG 0 1 2022

PANREHIYONAL NA MEMORANDUM
No. 574 s. 2022

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

To: Lahat ng mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sa mga Kinauukulan

1. Alinsunod sa Proklamasyong Blg. 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1-31 Agosto, ang lahat ng mga sangay ay dapat magtaguyod ng programa upang sariwain at pahalagahan ito.

2. Ang tema ngayong taon ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) Kapasiyahan ng Kapulungan Blg 8-6, s. 2022 ay "FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA: KASANGKAPAN SA PAGLIKHA AT PAGTUKLAS.

3. Layunin ng pagdiriwang ang sumusunod:

- Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
- Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
- Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
- Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
- Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Inaasahan ang mabilisang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

RAMIR B. UYTICO EdD, CESO III
Rehiyonal na Direktor

Inklosyur: Wula
Sanggunian: Proklamasyong Blg. 1041, s. 1997
Na ipahiwatig sa Perpetual Index
sa ilalim ng sumusunod na mga paksa:

PAGDIRIWANG WIKA

DepEDRO6-CLMD-RM-2022-

Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033)509-7653; (033)336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph